# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 12*
# *Ang Pagkakaiba sa pagitan ng Tunay at Bulaang mga Sumasamba*

***"18 Si David nga ay tumakas, at tumanan, at naparoon kay Samuel sa Rama, at isinaysay sa kaniya ang lahat ng ginawa ni Saul sa kaniya. At siya at si Samuel ay yumaon at tumahan sa Najoth. 19 At nasaysay kay Saul na sinasabi, Narito si David ay nasa Najoth sa Rama. 20 At nagsugo si Saul ng mga sugo upang dakpin si David: at nang kanilang makita ang pulutong ng mga propeta na nanganghuhula, at si Samuel ay tumatayong pinakapangulo sa kanila, ang Espiritu ng Dios ay dumating sa mga sugo ni Saul, at sila naman ay nanganghula. 21 At nang maisaysay kay Saul, siya'y nagsugo ng ibang mga sugo, at sila man ay nanganghula. At si Saul ay nagsugo uli ng mga sugo na ikaitlo, at sila man ay nanganghula. 22 Nang magkagayo'y naparoon din naman siya sa Rama, at dumating sa dakilang balon na nasa Socho: at siya'y tumanong, at nagsabi, Saan naroon si Samuel at si David? At sinabi ng isa, Narito, sila'y nasa Najoth sa Rama. 23 At siya'y naparoon doon sa Najoth sa Rama: at ang Espiritu ng Dios ay dumating din sa kaniya, at siya'y nagpatuloy, at nanghula hanggang sa siya'y dumating sa Najoth sa Rama. 24 At siya rin nama'y naghubad ng kaniyang mga suot, at siya man ay nanghula sa harap ni Samuel, at nahigang hubad sa buong araw na yaon at sa buong gabing yaon. Kaya't kanilang sinasabi, Pati ba si Saul ay nasa gitna ng mga propeta?" (1 Samuel 19:18-24)***

Gaya ng batid natin matapos na si David ay pinahiran ng Dios upang maging hari ng Israel, hinarap niya ang pag uusig mula kay Saul; na pinagbataan pa maging ang kanyang buhay at ginagawang possible upang patayin siya at tapusin ag kanyang buhay upang alisin siya mula sa luklukan.

Sa pagharap ni David sa mga banta hindi siya pumunta sa Bethlehem sa kanyang mga kamaganak, o sa kanyang mga kaibigan o sa alinmang bayan sa Israel, kundi tuwid siyang tumakbo kay Samuel at sinabi sa kanya ang lahat ng ginawa ni Saul sa kanya. Ginawa niya iyon dahil si Samuel ang lalaking nagpahid sa kanya at binigyan siya ng katiyakan ng trono, at sa pagpunta kay Samuel ginawa ni David na kanyang kalungan ang Dios, nagtitiwala sa lilim ng Kanyang pakpak. Malamang inisip ni David, kay Samuel na isang propeta, na tumatanggap ng direksyon at utos mula sa Dios, sa gayon ang kanyang sarili ay makakatanggap din ng parehong pribelihiyo mula sa Dios.

Kay Samuel mayroong paaralan ng mga propeta, na nakilahok si David sa pagpupuri sa Dios, at ang kasiyahan ng ganitong pagsasagawa at magiging malaking kaginhawaan ay naiisip ni David sa kanyang kasalukuyang kaguluhan. Si David ay hindi nasisiyahan sa tanggapan ni Saul; kaya, siya'y pumunta sa simbahan ni Samuel. Ang pagsamba sa Dios kasama ng mga banal, ay ang pinaka komportableng lugar kapag natangpuan mo ang iyong sarili na hindi mo kayang pamahalaan ang buhay, at kapag ang pag uusig ay sumiklab laban sa iyo habang ipinamumuhay mo ang iyong buhay upang paglingkuran ang Panginoon. Pinili ni David na sambahin ang Dios. Hindi lamang iyon, kundi pinili ni David na kung kanino siya sasama upang sambahin ang Dios; pumaroon siya kay Samuel para sa sumusunod na mga dahilan:-

A. Si Samuel ang tanging nagpahayag sa kanya ng kalooban ng Dios sa Kanyang buhay at ipinaliwanag sa kanya ang kanyang paglilingkod at mga gawaing ministro. Tinawag ka ng Dios upang sambahin Siya kasama ng mga taong tutulong sa iyo at ipapahayag sa iyo ang kalooban at plano ng Dios sa iyong buhay.

B. Si Samuel ang isang taong may pusong dalisay at may malinis na hangarin. Siya ang taong may takot sa Dios. Wala siyang mga politiko o pagmamanipula. Hindi niya ginagamit ang ministerio sa ikabubuhay o personal na motibo at hangarin. Si Sameul ay naglilingkod at hindi inaasahang tatanggap ng mga pribelihiyo mula sa mga tao, Tinawag ka ng Dios upang paglingkuran Siya sa gitna ng mga taong may takot sa Kanya, at mayroong malinis na puso at dalisay na motibo sa paglilingkod sa Panginoon.

C. Si Samuel ay masigasig na tao na iniingatan ang Dios kasama niya. Batid ni David na kapag pumunta siya kay Samuel, doon niya tatanggapin ang payo at mga utos tungkol sa layunin ng Dios sa kanyang buhay. Tulad ng binasa natin nang si David at pumunta doon, hindi hinarang ng Dios ang kanyang kaaway na makarating sa lugar, ngunit binago Niya ang pangyayari, na kahit na dumating sila upang saktan siya, iniwan nila ang lugar nang walang pagkakamit sa kanilang layunin. Tinawag ka ng Dios upang paglingkuran Siya kasama ng mga tao na kilala mo na sila'y masigasig na iniingatan ang Dios kasama nila. Ang mga taong masigasig at may malinis na puso at layunin sa paglilingkod sa Dios, makikita mo ang iyong sarili sa presensya, payo at proteksyon ng Dios.

Matapos dumating ni Saul upang malaman kung nasaan si David sa pamamagitan ng kanyang mga sugo, nagpadala siya ng mga opisyal upang hulihin siya. Nang hindi nila dinala siya nagpadala pa siya ng marami; nang hindi sila bumalik, nagpadala siya sa ikatlong pagkakataon, at, walang narinig na balita sa mga ito mula sa kanila, siya mismo ang pumaroon, Si Saul ay walang pagpapahinuhod, uhaw, at hindi mapakali dahil sa dugo ni David. Hindi maunawaan ni Saul na si David at nasa ilalim na espesyal na proteksyon ng Langit. Isinantabi ni

Saul ang lahat ng pambulikong pangangalakal para hulihin si David. Nasa ilalim ng hari na siya mismo ang pumaroon sa gayong gawain; ngunit dahil isa siyang mang-uusig, pumasok siya sa masamang bagay para bigyang-kasiyahan ang kanyang masamang hangarin.

Ngunit paanong si David ay nakaligtas, ngayon siya ay tulad ng tupa na handang mahulog sa bibig ng lion? Si David ay nakaligtas bilang isang tupa, hindi sa pamamagitan ng pagpatay sa lion, o gaya ng pagliligtas kay Elias, sa pagtupok sa mga sugo ng apoy ng Langit, gaya ng nasusulat sa ***2 Hari 1:1-18,*** kundi sa pamamagitan ng pagbaliktad sa leon sa kordero**.**

Nang ang mga sugo ay dumating sa kapulungan kung saan si David ay nasa gitna ng mga propetang kasama ni Samuel ang Espiritu ng Dios ay bumaba sa kanila, at sila'y naghula, kaya naman, sila'y lumahok sa lahat sa pagpupuri sa Dios. Sa halip ng pagdakip kay David, sila mismo ang nadakip. At sa ganoon, iniligtas ng Dios si David; sapagkat alinman sa sila ay inilagay sa gayong kagalakan sa pamamagitan ng Espiritu ng propesiya na hindi nila maisip ang anupaman, at kaya nakalimutan ang kanilang tungkulin at hindi kailanman pinansin si David, o sila'y inilagay doon, para sa kasalukuyan, sa napakahusay na balangkas na hindi nila kayang aliwin ang pag iisip sa paggawa ng napakasamang bagay laban kay David.

Inilagay ng Dios ang isang karangalan sa mga anak ng mga propeta at sa kapulungan ng mga banal, at ipinakita Niya kung paano Niya kaya, kapag Kanyang kinalulugdan, hampasin ng isang paghanga sa pinakamasama sa mga tao, sa pamamagitan ng mga tanda ng Kanyang presensya sa mga pagtitipon ng matatapat, at pilitin silang kilalanin na ang Dios ay kasama nila ng isang katotohanan, ***"24 Datapuwa't kung ang lahat ay nagsisipanghula, at may pumasok na isang hindi sumasampalataya, o hindi marunong, mahihikayat siya ng lahat, masisiyasat siya ng lahat; 25 Ang mga lihim ng kaniyang puso ay nahahayag; at sa gayo'y magpapatirapa siya at sasamba sa Dios, na sasabihing tunay ngang ang Dios ay nasa gitna ninyo." (1 Corinto 14:24-25)***

Ang nangyari sa pagpupulong na iyon kay Najoth, dinakila ang Dios sa kanyang kapangyarihan sa lahat ng dako ng espiritu ng mga tao. Ang Dios na gumawa ng puso at dila ay kayang pangasiwaan ang pareho upang paglingkuran ang Kanyang tanging layunin. Nanghula si Balaam sa kasiyahan ng mga Israel., na dapat niyang sumpain; at maaaring ang mga sugong ito na isinugo ni Saul ay nagpropesiya ng pagsulong ni David sa trono ng Israel. Si Saul mismo ay naagaw din ng Espiritu ng propesiya bago siya dumating sa lugar. Si Saul ay ginawang propeta, maging si Saul ay hindi pa nakarating sa loob ng Najot ngunit nagsimula na siyang maghula, tulad ng ginawa ng kanyang mga sugo. Hinubad niya ang kanyang maharlikang balabal, dahil ang mga ito ay alinman sa masyadong pinong o masyadong mabigat para sa serbisyong ito, at nahulog sa isang walang ulirat bilang ito ay dapat tila, o sa masinding kagalakan, na nagpapatuloy sa araw at gabi na iyon.

Ang mga banal sa Damascus ay iniligtas mula sa galit ng Unang Tipan. Si Saul sa pagbabago ay nagawa sa kanyang espiritu. Sa nangyari kay Saul ang Hari ng Israel, ay isang bagay na kamangha-mangha, at tanging para sa isang araw. Ngunit ang nangyari kay Saul sa Tarsus ay pagpapabanal at magpakailanman.

Patungkol sa pagpupulong na iyon sa Najoth ang sumusunod at sinabi na ginawa tungkol kay Saul? ***"Si Saul ba ay nasa gitna rin ng mga propeta?"*** Si Saul ay itinakwil ng Dios, at bagama't siya ay tinanggap at pinakilos at pinasigla ng isang masamang espiritu, gayunpaman sa pulong na iyon siya ay kontrolado ng Banal na Espiritu at siya ay kabilang sa mga propeta. Sa parehong paraan, maraming may dakilang mga kaloob at ngunit walang biyaya. Sila'y nanghuhula sa pangalan ni Cristo ngunit itinakwil niya, ***"22 Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? 23 At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan." (Mateo 7:13-23)***

Pagbabalik kay Saul at sa mga sugo na kanyang ipinadala. Sila'y nanghula sa ilalim ng kontrol ng Banal na Espiritu, ngunit gaya ng batid natin na sila'y hindi tunay na tagasunod ng Dios. Sila'y nanghuhula ngunit sila'y gumagawa ng masama, dahil hinahanap nilang lupigin ang tunay na mga anak ng Dios. Sila'y mga huwad na mga propeta, gumagawa ng masama, at ang kanilang buhay ay hindi nagbago. Ang sumusunod at posibleng dahilan kung bakit itinakwil ni Jesus ang gayong mga ministerio o mga propeta:-

1- ***Ginagamit nila ang ministerio bilang magpagkukunan ng ikabubuhay:*** Ang mga sugo na ipinadala ni Saul upang lupigin si David sila'y nasa tungkulin, at iyon ang kanilang pinagkukunan ng kanilang ikinabubuhay.
2- ***Ginagamit nila ang ministerio bilang mapagkukunan ng kagalakan at kaaliwan:*** Ang mga hukbo nang sila'y nasa loob ng pagpupulong ng mga propeta nakalimutan nila ang kanilang masamang layunin at ang masamang tao na nagpadala sa kanila upang saktan si David. Marami kapag sila'y nasa pagpupulong ng simbahan sila'y mga anghel ngunit sa labas ng pagpupulong sila'y ibang mga tao, ang kanilang isip ay puno ng masamang saloobin; sila'y mamatay tao ng katotohanan. Maaring sila'y

magnanakaw, immoral, o sila'y mga sinungaling. Sa ngayon ang pagpupulong sa simbahan ay puno ng mga kagamitang pang musika at marami silang napapasaya kapag naririnig nila ang tugtog at baka makalimutan nila ang sandali kung sino sila, ngunit sa sandaling umalis sila sa pagpupulong ay babalik sila sa kung ano sila.

3- ***Maaaring may sariling kabutihan sila o hindi nila alam na masama ang kanilang ginagawa:*** Maaaring ang mga sugo ni Saulo ay pumasok sa kanilang isipan na ang kanilang ginagawa ay masama. Maraming hindi nagbabasa ng Biblia o hindi tumitingin nang mabuti sa Kautusan na nagbibigay ng kalayaan, hindi nila malalaman na ang kanilang ginagawa ay kasalanan.

4- Sila ay hinihikayat ng inggit, paninibugho, pagmamalaki, at pagpapakitang gilas: Dahil sa paninibugho ay ninais ni Saul na tapusin ang buhay ni David. Marami sila'y naglilingkod sa Dios dahil sa paniniglihi at pakikipagtalo, pagmamalaki o pagpapakitang gilas. Sinabi ni Pablo tungkol sa gayong mga ministro at ministeryo ang sumusunod: ***"15 Tunay na ipinangangaral ng iba si Cristo sa kapanaghilian at sa pakikipagtalo; at ng mga iba naman sa mabuting kalooban:16 Ang isa'y gumagawa nito sa pagibig, palibhasa'y nalalaman na ako'y nalalagay sa pagsasanggalang ng evangelio; 17 Datapuwa't itinatanyag ng iba si Cristo dahil sa pagkakampikampi, hindi sa pagtatapat, na ang iniisip ay dalhan ako ng kapighatian sa aking mga tanikala. 18 Ano nga? gayon man, sa lahat ng paraan, maging sa pagdadahilan o sa katotohanan, ay itinatanyag si Cristo; at sa ganito'y nagagalak ako, oo, at ako'y magagalak. 19 Sapagka't nalalaman ko na ang kahihinatnan nito'y sa aking ikaliligtas, sa pamamagitan ng inyong pananaing at kapuspusan ng Espiritu ni Cristo," (Filipos 1:15-18 KJV)*** Ipinangaral nila ang evangelio ngunit itinakwil sila ng Dios malibang sila'y magsisi.

5- ***Sila'y walang kapanatagan at yumuyuko upang gumawa ng masama:*** si Saul ay walang pagpipigil, nauuhaw at hindi mapakali sa dugo ni David. Maraming bulaang propeta sila ay hindi mapakali at gutom upang makamit ang masamang bagay. Sila ay bumababa upang gawin ang mga bagay na makabuluhan sa ministeryo ng Dios upang makamit ang kanilang layunin.

Bukod pa sa talakayan sa itaas, nagbigay si Jesus ng iba pang mga patnubay upang matupad ang mga kinakailangan sa pagtawag ng Dios sa iyong buhay, at gaya ng sumusunod; -

***A.*** ***"13 Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok. 14 Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon." (Mateo 7:13-14 KJV)*** Kailangan mong maging masigasig sa iyong buhay upang magtiis sa pagdurusa para kay Cristo. Ang mga bulaang propeta sila ay namumuhay para sa kasiyahan at paglilibang at ayaw magdusa.

***B.*** ***"15 Mangagingat kayo sa mga bulaang propeta, na nagsisilapit sa inyo na may damit tupa, datapuwa't sa loob ay mga lobong maninila. 16 Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila. Nakapuputi baga ng mga ubas sa mga tinikan, o ng mga igos sa mga dawagan? 17 Gayon din naman ang bawa't mabuting punong kahoy ay nagbubunga ng mabuti; datapuwa't ang masamang punong kahoy ay nagbubunga ng masama. 18 Hindi maaari na ang mabuting punong kahoy ay magbunga ng masama, at ang masamang punong kahoy ay magbunga ng mabuti. 19 Bawa't punong kahoy na hindi nagbubunga ng mabuti ay pinuputol, at inihahagis sa apoy. 20 Kaya't sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila." (Mateo 7:15-21 KJV)*** Ang huwad na mga propeta ay makikilala sa pamamagitan ng kanilang bunga na lumalabas sa kanilang paraan ng pamumuhay at ministerio at hindi sa kanilang sinasabi, sinabi ni Jesus, ***"Kaya't sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila."***

***C.*** ***"21 Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit." (Mateo 7:21 KJV)*** Dapat kang magtiis sa pamumuhay upang makamit ang kalooban ng Dios. Ang huwad na mga propeta ay hindi handang tumalima sa kalooban ng Dios.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Pagnilayan ang mensahe at isaalang alang ang bawat isang punto at tingnan kung ikaw ay tunay na propeta ng Jesus na ipinamumuhay ang iyong buhay nang may malinis na motibo at pusong dalisay upang makamit ang kalooban ng Dios. Kung hindi, sa gayon kailangan mong magsisi at isagawa ang Banal na Kasulatan sa iyong buhay. Hayaan ang Banal na Espiritu na abutin ka at siyasatin ang iyong puso upang ipahayag ang katotohanan sa iyo, upang may kamalayan ka kung anong nangyayari sa iyong buhay.

Tanungin ang iyong sarili kung anong layunin at motibo ng iyong puso patungo sa lahat ng iyong ginagawa.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong malinaw na salita sa akin.*

*Magsisi mula sa mga kasalanan ng paninibugho, pananaghili, galit, masamang motibo, kasakiman, pagibig sa salapi, kamunduhan, masamang hangarin, paninirang-puri, pagtataksil, pakikipagaway, pagsisinungaling, paghihimagsik, pagmamalaki, pagpapakitang gilas, pagkapoot, paghihiganti, walang pagpapatawad, atbp. Panginoon ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ______________________.*

*Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na isagawa ang mga layunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito sa aking buhay at ministerio na maging isang tunay na propeta mo na mamuhay at ipahayag ang iyong kalooban sa aking buhay at sa buhay ng mga taong nasa ilalim ng aking pangangalaga. Panginoon alalayan mo ako, itaas mo ako ng iyong biyaya at ibigay ang aking mga kailangan upang makamit ang iyong kalooban.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi mula sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang sarili na sundin ang iyong mga daan. Panginoon alalayan sila, protektahan sila, at bigyan mo sila upang sila'y magpatuloy na maglingkod sa iyo nang may isang malinis na puso at malinis na mga kamay. Panginoon gamitin sila bilang kasangkapan ng katuwiran alang alang sa iyong pangalan at magdala ng bunga na hangad mo mula sa kanilang buhay.*

*Panginoon pagpalain iyong simbahan. Panginoon kami'y nagtitiwala sa iyo na kami'y iyong poprotektahan mula sa lahat ng masama, na puspusin mo kami ng Banal na Espiritu upang makapagpatuloy kami na maglingkod sa iyo at gawin ang tunay na gawain mo. Panginoon pangunahan kami na mag evangelio upang abutin ang nawawala at dalhin sila sa iyo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit, Nawa ang biyaya ng Panginoong Jessu at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com